

1

“Hoy, Miss! Ba’t di mo tingnan ang tinatawiran mo! Muntik na kitang mapatay!”

Galit na bumaba si Joel Ramirez mula sa magarang kotse nito at saka kunot-noong hinarap ang natigilang dalaga. Nakatayo lamang si Aileen Nicdao, hindi pansin ang tumilapong mga pinamili sa gitna ng daan.

“Miss, are you all right?” Napalitan ng pag-aalala ang galit ng binata. Nilapitan siya nito at saka hinawakan ang kanyang nanlalamig na kamay.

“A-ayos lang ako,” mahinang sagot ni Aileen.

Pamilyar ang mukha nito. Hindi lamang niya matandaan kung saan ito nakita. Matangkad ang binata dahil tinitingala niya ang mukha nito gayong masasabing matangkad na rin siya. Rugged ang hitsura nito sa suot na checkered polo at maong pants. Humanga rin siya sa maganda nitong pangangatawan na parang sa isang atleta. Wala rin siyang masasabi sa magaganda nitong mata, matangos na ilong at kissable lips. In short, perpekto ang hitsura nito; parang commercial model ng sigarilyo sa TV.

“Ba’t kasi basta ka na lang tumawid,” paninisi nito.

Nagpanting ang tainga ng dalaga. Nagbago na ang isip niya.

Guwapo nga ang binata, antipatiko naman; hindi gentleman. “Ikaw naman, parang hinahabol ng demonyo. Hindi ito highway, Mister!”

Mukhang nabigla ito sa katarayan niya. Mayamaya ay ngumiti ito nang may halong pang-uuyam. “Alam mo, Miss, kahit sinong matino ang pag-iisip ay titingin muna sa kaliwa at kanan bago tumawid. At hindi parang pagong kung maglakad,” pang-iinsulto nito.

Hinalbot niya ang kamay niyang hawak pa nito at saka pinulot ang mga nagkalat na grocery sa lansangan. Pinandilatan niya ang binata, inilapit ang mukha rito at saka ito dinuro. “Ako pa ang sinisi mo! Muntik mo na akong mapatay pero ikaw pa ang may ganang insultuhin ako! Bastos!”

Gusto niyang sampalin ang nakangiti nitong mukha o kaya ay tapakan ang mga paa nito. Noon lang siya nakadama ng sobrang galit sa isang tao.

“Ano’ng gusto mo, Miss? Lumuhod ako sa harapan mo para humingi ng tawad?”

Lalong nanlisik ang magagandang mata ng dalaga. “Hindi na at baka maawa pa ako sa ’yo!” Alam niyang nag-aasal bata siya pero wala siyang pakialam.

Itinulak niya ang nakaharang na binata. “Tabi riyan!”

Tuluy-tuloy na siyang tumawid ng daan at hindi na nilingon

ang reaksiyon nito.

“Miss,” mahinang tawag nito, “wala ka bang nakakalimutan?”

Napilitan siyang humarap ulit. Nakangiti pa rin ang binata, parang nakakaloko.

“Nakalimutan mo 'to, o!”

Sa isang kamay nito ay hawak ang isang box ng panties na parang hawak ay tropeo. Namula si Aileen sa galit at hiya.

“Akin na 'yan!” sigaw niya.

Mabilis niya itong nilapitan, kinuha ang kahon at dali-daling tumalikod.

“Wala man lang bang thank you?” tanong nito.

“Pasalamatang mo ang lelong mo!”

Nakatawang naiwan si Joel.

“May mali yata sa araw mo?” tanong ni Aling Chanda.

Ibinagsak ni Aileen ang pinamili sa mesa at pabalyang binuksan ang refrigerator sa kusina. Sumunod ang ina sa kanya.

“Nasira ang araw ko sa bastos na lalaking 'yon,” mariin niyang sabi. Kumuha siya ng malamig na tubig sa refrigerator. Pagkainom ay gumanda nang kaunti ang kanyang pakiramdam.

“Sinong lalaki?”

“Hindi ko kilala. Mukhang bagong salta.”

Pumunta siya sa sala at saka humiga sa sofa. Napagod din siya sa pamimili at paglalakad. Lalo pa siyang nahapo sa pakikipag-away niya.

“Pinairal mo na naman siguro ang katarayan mo,” komento ng ina.

“Ako? Mataray?” Umiling siya. “Kilala mo ako, Inay, pumapalag lang ako kapag naagrabyado. Muntik na nga akong mapatay.”

Ikinuwento niya rito ang buong pangyayari. Pagkatapos niyang magkuwento ay namumula na rin sa galit si Aling Chanda.

“Aba’y dapat ngang tarayan, Anak.”

Nagmana siya sa ina na mataray at matapang, hindi umuurong kahit kanino kapag nalalaman na nasa tama ito. Nag-iisang anak lamang ang dalaga kaya sunod ang layaw niya sa ina at ama na si Mang Raul.

“May magandang balita pala ako sa ’yo,” excited na simula ni Aling Chanda upang mapalitan na ang kanilang paksa.

Tumingin siya rito. “Balita saan?” Tumayo siya at bumalik sa kusina. Ibinuhos niya sa mesa ang grocery at pinili ang mga gamit na para sa kanya.

“Darating ngayon si Joel.”

“Joel?”

Napabuntunghininga ito. “Ilang Joel ba ang kilala mo?” tanong nito. “Ang tinutukoy ko’y ang kababata mo na anak nina Doña Melda at Don Jose.”

“Si Joel? Darating na?” Napalitan ng kasiyahan ang nakasimangot na mukha ni Aileen. “Talaga, Inay? Hindi ka nagbibiro?”

“Bakit naman ako magbibiro?”

Tumalikod siya rito, pilit itinatago ang nadaramang tuwa. Hindi siya makapaniwala na sa wakas ay makikita na niya ang kababata. Sampung taon din silang hindi nagkita mula nang mag-aral ito sa Maynila at di-lumaon ay pumunta sa ibang bansa upang magtrabaho. Lumipas ang panahon na hindi niya namamalayan. Ngayon ay dalagang-dalaga na siya at marahil ay lalong mas guwapo na ang kababata. Hindi ba at nasa high school pa lamang sila ay habulin na ito ng kababaihan? Kung minsan ay siya pa ang nagiging tulay ng kaklase niya upang makilala lamang ang heartthrob ng kanilang school.

“Kaya nga ipapahatid ko sa ’yo itong ginawa kong mga bibingka sa mansyon,” patuloy ng ina.

“A-ano, Inay?” baling niya rito.

Iniabot ni Aling Chanda ang isang basket ng bibingka sa

kanya. “Thatid mo na ’yan. Pasalubong natin sa balikbayan.”

“P-pero, Inay, nahihiya ako,” reklamo niya.

“Aba’t ang batang ito at ngayon pa tinablan ng hiya. Kababata mo si Joel. Bakit ka mahihiya?”

Hindi siya nakapagsalita, hindi masabi ang dahilan ng kanyang pagdadalawang-isip. Paano ba niya sasabihin na bago umalis ang binata papuntang Maynila ay nag-away sila nito?

Nasa tapat na ng mansyon si Aileen ay hindi pa rin niya madesisyunan kung gusto nga niyang makaharap ang kababata.

Isa ang pamilya Ramirez sa mga tinitingalang pamilya sa kanilang bayan. Nagmamay-ari ng malalawak na lupain at malalaking negosyo ang mga ito.

“Aileen! Napadalaw ka?” puna sa kanya ni Berto, hardinero ng mga Ramirez.

Hindi na siya puwedeng umatras. May nakakita na sa kanya. “D-dumating na ba si Joel?”

“Aba’y oo. Nariyan siya sa loob. Pumasok ka na lang.”

Hindi na siya nakatanggi. Pamilyar na sa kanya ang bakuran at buong kabahayan ng mga Ramirez. Bata pa lamang siya ay madalas na siyang isama ng kanyang ama sa mansyon upang dalawin si Don Jose na kaibigang matalik nito. Madalas pumunta

si Mang Raul doon dahil mahilig itong makipaghuntahan sa ama ni Joel. Kadalasan ay sumasama siya kaya naging kalaro niya si Joel at ang kapatid nitong si Mildred.

Maluwang at maganda ang hardin; maraming punongkahoy at bulaklak. Humakbang siya patungo sa malaking bahay na bato na minana pa ng mga Ramirez sa ninuno nila nang panahon ng Kastila.

“This is a nice coincidence,” sabi ng isang tinig ng lalaki sa kanyang likuran.

Napalingson si Aileen sa pinanggalingan ng boses. Napatiimbagang siya. Ang nakasalubong niya ng tingin ay ang lalaking muntik nang makasagasa sa kanya. Nakangiti ito nang parang nakakaloko. Gusto niyang burahin ang ngisi nito.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” Naaasar siya at hindi niya iyon itinago.

Nagkibit-balikat ito at saka lumapit sa kanya. “Ako dapat ang magtanong niyan. Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Wala ka nang pakialam d’on!”

“My, my! Galit ka pa ba sa ’kin?”

Mahina talaga ang pag-intindi ng lalaking ito! “Hindi,” sarkastiko niyang sagot. “Hindi ako galit sa ’yo. Aliw na aliw nga ako sa ’yo, eh.”

Tumalikod na siya upang pumasok sa malaking bahay nang bigla siya nitong hawakan sa isang balikat.

“Matagal na akong hindi nakakauwi rito. Ano ka ba rito?” tanong nito.

“Ano sa palagay mo?” taas-kilay niyang sabi.

“Katulong?”

Umakyat na naman ang dugo sa ulo niya samantalang halatang pinipigilan ng kausap ang pagtawa nito.

“Mukha ba akong katulong!”

May paghanga sa mga mata ng binata habang tinitingnan siya mula ulo hanggang paa. Hindi napigilan ni Aileen ang blush na kumalat sa mukha niya.

“Hindi ka mukhang katulong. Masyado kang maganda at mataray.”

Hindi siya natuwa sa sinabi nito.

“Siguro’y isa kang tintera.” Tiningnan nito ang dala niyang basket. “Ano ‘yan?”

“Wala ka na r’on!”

“Hanggang ngayon ba nama’y nag-aaway pa rin kayo, Joel?” bungad ni Doña Melda. Bakit hindi mo man lang pinapasok si Aileen sa bahay?” Halatang pinipigilan ng doña ang pagtawa sa

All My Life, Hinintay Kita - Precy Fontanilla

nakitang pagkamangha ng dalawa.